



المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد
وتوعية الجاليات بشمال الرياض

GABAY NG MUSLIM

PANANAMPALATAYA-PAGSAMBA-PAKISAMA


Inihanda ni
Syiekh Abdul Karim bin Abdulmajid Al-Diwan

دليل المسلم

عقيدة - عبادات - معاملات

إعداد
عبدالكريم بن عبدالمجيد الديوان

تجالوج



المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالروضة ، ١٤٣١ هـ

ح

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر

الديوان ، عبدالكريم

دليل المسلم - باللغة تغالوغ / عبدالكريم الديوان -

الرياض : ١٤٣١ هـ

٦٨ ص ؛ ١٢ × ١٧ سم

ردمك : ٨-٤-٢٠٠٩-٦٠٣-٩٧٨

أ-العنوان

١-الإسلام - مبادئ عامة

١٤٣١ / ٢٠٧٥

ديوي ٢١١

رقم الايداع : ١٤٣١ / ٢٠٧٥

ردمك : ٨-٤-٢٠٠٩-٦٠٣-٩٧٨

Panimula mula kay Sheikh Abdullah bin Abdurrahman Al-Jibrin – Pangalagaan nawa siya ni Alláh.

بسم الله الرحمن الرحيم

Ang lahat ng papuri ay ukol lamang kay Alláh ang Nag-iisa, ang kapatawaran at kapayapaan ay sumakay Propeta Muhammad at sa kanyang angkan at sa lahat ng kanyang mga kasamahan.

At pagkatapos; Katunayan nabasa ko ang maikling babasahin na ito na isinulat ng kapatid natin na si Sheikh Abdul-Karim Al-Diwan pangalagaan nawa siya ni Alláh, tunay na ito ay mainam at kapaki-pakinabang patungkol sa mga obligasyong pangrelihiyon, mula sa mga pangunahing turo at mga alituntunin hanggang sa mga sangay nito. At binuod niya ang babasahing ito sa mga mahahalagang kaalaman para sa mga nag-uumpisa pa lamang at mga bagong muslim. At tunay na pinili niya ang mga bagay na malinaw o walang mga pagtatalo at kung ano ang pinakamainam sa pagsamba at pakikitungo sa payak na pamamaraan at madaling maunawaan.

At ipinapayo namin na isalin ang aklat na ito sa ibat ibang wika at ang paglathala nito sa pangkalahatan. Nawa'y makapagbigay ito ng liwanag sa sinumang nasa bingit ng pag-aalinlangan sapagkat ang walang alam ay mananagot sa sinumang kanyang mailigaw at maakay sa paggawa ng mga *Bid'ah* at mga kasamaan, at si Alláh ang Tagapaggabay.

Nawa'y ang kapatawaran ni Alláh ay mapasa kanyang sugo na si Propeta Muhammad at sa kanyang angkan at kanyang mga kasamahan.

Abdullah Bin Abdurrahman Al-Jibrin

Panimula:

Ang lahat ng papuri ay ukol lamang kay Alláh at ang kapatawaran at kapayapaan ay mapasakanyang sugo na si Propeta Muhammad. Ang maikling babasahing ito na para sa bagong muslim ay hindi tumalakay ng malawak at malalim sa karamihan sa mga batas ng Islam. Binubuo ito ng mga pagbabatas sa relihiyong Islam sa panig ng Aqidah, (*Pananampalataya*) Ibádát, (*Pagsamba*) Mu-amalaat, (*Pakikitungo*).

Dahil sa batid na hindi ito tumatalakay sa lahat ng bagay na may kinalaman sa relihiyon, bagkus pinaiksi ang karamihan sa mga ito sa panig ng mga bagay na isinatungkulin, mga haligi, at mga gampanin ng isang bagong muslim. Ito ay hindi tumalakay sa mga boluntaryong gawain, mga kagandahang asal at mga kaaya-ayang mga gawain sa Islam. Dahil sa mas mahalagang malaman muna ang mga bagay na isinatungkulin kaysa sa mga kaaya-ayang gawain, At sa dahilang binibigyan ng tuon sa relihiyon na malaman muna ang pinaka-mahalagang aralin pagkatapos ay ang mga sumunod dito. At kung sinuman ang magkais ng mas malawak at mas malalim na kaalaman sa mga nabanggit sa babasahing ito,

maaari siyang magsaliksik at bumalik sa mga aklat na isinulat ng mga pantas ng Islam o hindi kaya'y magtanong sa mga pantas hinggil dito.

Aking dalangin kay Alláh na gawin niyang dalisay ang gawaing ito para lamang sa kanyang kaluguran at gabayan niya tayo sa tamang landas.

Isinulat ni:

Abdulkarim Bin Abdulmajid Al-Diwan

UNA: ANG AQIDAH:

Nararapat sa isang muslim na maniwala kay Alláh, sa Kanyang mga Anghel, sa Kanyang mga Kasulatan, sa Kanyang mga Propeta, sa Araw ng Paghuhukom, at sa itinakdang Tadhana mabuti man o masama.

1- Ang paniniwala kay Alláh:

* At naniniwala tayo sa Kanyang *Rububiyah* (o *Pagka-Panginoon*), na Siya ang Panginoon ang Tagapaglikha, at siya ang Nagmamay-ari at ang Tagapangasiwa sa lahat ng bagay.

* Siya ang nag-iisang tunay na Tagapaglikha; Sinabi ni Alláh :

﴿ هَلْ مِنْ خَالِقٍ غَيْرُ اللَّهِ يَرْزُقُكُمْ مِنَ السَّمَاءِ وَالْأَرْضِ ... ﴾ (سورة فاطر (٢١))

"May tagapaglikha pa bang iba pa kay Allah, na nagkakaloob sa inyo ng panustos na nagmumula sa langit at lupa?" (25:3)

* Nag-iisa Siya sa Kanyang Pagmamay-ari, ito ay ang maniwala tayo nang walang halong pag-aalinlangan na walang nagmamay-ari ng lahat ng nilikha maliban ang lumikha sa kanila, kagaya ng winika ni Alláh ﷻ :

﴿ وَلِلَّهِ مُلْكُ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضِ ... ﴾ (سورة آل عمران (١٨٩))

"At kay Alláh ang pagmamay-ari ng pangangasiwa sa kalangitan at kalupaan..." (2:189)

* Nag-iisa Siya sa Kanyang pangangasiwa, ito ay ang maniwala tayo nang walang halong pag-aalinlangan na walang nangangasiwa ng tunay na pangangasiwa maliban lamang sa Kanya, gaya ng winika ni Allāh ﷻ:

﴿قُلْ مَنْ يَرْزُقُكُمْ مِنَ السَّمَاءِ وَالْأَرْضِ أَمَّنْ يَمْلِكُ السَّمْعَ وَالْأَبْصَارَ وَمَنْ يُخْرِجُ الْحَيَّ مِنَ الْمَيِّتِ وَيُخْرِجُ الْمَيِّتَ مِنَ الْحَيِّ وَمَنْ يُدِيرُ الْأَمْرَ فَسَيَقُولُونَ اللَّهُ فَقُلْ أَفَلَا تَتَّقُونَ﴾

سورة يونس (٣١)

"Sabihin mo: "Sino ang nagtutustos sa inyo mula sa langit at lupa? O sino ang nagmamay-ari ng pandinig at mga paningin? Sino ang nagpapaluwal ng buhay mula sa patay at ang nagpapaluwal ng patay mula sa buhay? Sino ang nangangasiwa sa kapakanan?" at magsasabi sila na si Allah. Kaya sabihin mo: "Kaya hindi pa ba kayo mangingilag magkasala?"(10:31)

At sinabi pa ni Allāh ﷻ sa ibang talata:

﴿فَذَلِكُمُ اللَّهُ رَبُّكُمُ الْحَقُّ فَمَاذَا بَعْدَ الْحَقِّ إِلَّا الضَّلَالُ فَأَنَّى تُصْرَفُونَ﴾ (٣٢) سورة يونس

"Ganyan si Allah, ang Panginoon ninyong Totoo. Kaya ano pa pagkatapos ng katotohanan kundi kamalian. Kaya bakit pa kayo nalalayo"(10:32)

* At naniniwala tayo sa **Uluhiyah** (Pagka-Diyos) ni Allāh, na Siya ang tunay na Diyos, at lahat ng sinasamba maliban sa Kanya ay hindi katanggap-

tanggap, at ang karapat-dapat na sambahin ng nag-iisa ay si Alláh, winika ni Alláh:

﴿ذَلِكَ بَأْنِ اللَّهِ هُوَ الْحَقُّ وَأَنْ مَا يَدْعُونَ مِنْ دُونِهِ الْبَاطِلُ﴾ (٣٠) سورة لقمان

"Siya ang inyong panginoon na tunay, at ang inyong pinapanalanginan, maliban sa Kanya ay mali." (31:30)

* At kung sinuman ang mag-alay ng anumang uri ng pagsamba maliban kay Alláh ﷻ gaya ng panalangin, paghingi ng saklolo, panunumpa, pagkatay ng hayop at iba pa, ang mga nabanggit kapag inialay maliban kay Alláh ﷻ siya ay nakagawa ng pagtatambal kay Alláh kahit pa man na ang kanyang layunin ay iniaalay niya ito para sa Anghel, Propeta na isinugo, Matuwid na tao, o di kaya'y kahit sinuman o anumang katangian ng nilikhang ito.

* At kung sinuman ang nakagawa ng pagtatambal ay katotohanan hindi siya patatawarin ni Alláh ﷻ sa nagawa niyang ito, kung ito'y hindi niya pagsisisihan bago pa siya mamatay, ang kanyang kahihinatnan ay ang naglalagablab na Apoy ng Impiyerno.

Sinabi ni Alláh:

﴿إِنَّ اللَّهَ لَا يَغْفِرُ أَنْ يُشْرَكَ بِهِ وَيَغْفِرُ مَا دُونَ ذَلِكَ لِمَنْ يَشَاءُ...﴾ النساء ٤

"Tunay na si Allah ay hindi magpapatawad na tambalan Siya ngunit magpapatawad Siya sa anumang mababa pa roon sa kaninumang loloobin Niya..." (4:48)

* At naniniwala tayo sa *Al-Asma wa As-Sifât* (mga Pangalan at Katangian) ni Alláh, na Kanyang pinatotohanan sa Kanyang sarili at pinatotohanan ng Kanyang Sugo na hindi inihahalintulad ang Kanyang mga katangian sa Kanyang mga nilikha, at hindi natin sasabihin na ang mga katangian ni Alláh ay ganito... at ganyan... ngunit kagaya ng sinabi Niya tungkol sa kanyang sarili, sinabi ni Alláh ﷻ sa Banal na Qur'an.

﴿لَيْسَ كَمِثْلِهِ شَيْءٌ وَهُوَ السَّمِيعُ الْبَصِيرُ...﴾ سورة الشورى (١١)

"Walang katulad sa Kanya na anumang bagay, at Siya ay ang Nakaririnig, ang Nakakikita." (42:11)

* At ang lahat ng nabanggit sa mga katangian ni Alláh ﷻ maging ito man ay sa maikli o malawak na pagsasalaysay, o hindi kaya'y ang pagpapatotoo o pagtangga, ang pinagbabasihan ng lahat ng ito ay ang Qur'an at ang Sunnah at ang mga tinahak ng mga naunang mga Pantas ng Islam, paniwalan natin ang mga ito ng walang pag- **Takyeef** o **Tamtheel** (o pagbahalintulad sa katangian sa Kanyang mga nilikha), at walang pag- **Tahreef** (o pagbago sa katagang Arabic sa ibang kataga at pagpalit sa kahulugan nito) at walang pag- **Ta'teel** (o hindi paniniwala, at hindi pagtanggap sa mga pinatotohanan Niya sa kanyang sarili at pinatotohanan ng Propeta mula sa Kanyang mga Pangalan, mga Katangian, at Kanyang mga gawain.)

* At ating itatanggi ang lahat ng itinanggi ni Alláh ﷻ sa Kanyang sarili at itinanggi ng kanyang Sugo, mula sa mga katangian, mga gawain at iba pang katulad nito. At manahimik sa mga hindi binaggit ni Alláh at ng Kanyang Sugo.

* At naniniwala tayo na si Alláh ﷻ ay batid Niya ang kalagayan ng Kanyang mga nilikha. Siya ay nasa langit at nakaloklok sa kanyang Trono, naririnig Niya ang kanilang mga salita, nakikita Niya ang kanilang mga gawain, Siya ang nangangasiwa sa lahat ng ito, at si Alláh ang may kapangyarihan sa lahat ng bagay.

2 - Ang Paniniwala sa mga Anghel.

Ang mga Anghel ay kabilang sa mga nilikha na hindi nakikita.

At pananiniwalaan natin ang mga Anghel ni Alláh ﷻ, na sila ay:

{عِبَادُ مَكْرُومُونَ لَا يَسْبِقُونَهُ بِالْقَوْلِ وَهُمْ بِأَمْرِهٖ يَعْمَلُونَ} سورة الأنبياء (٢٦-٢٧)

"Mga likod na pinarangalan, hindi nila Siya inuunahan sa pagsasalita at sila sa utos Niya ay nagsasagawa." (21:26-27)

Nilikha sila ni Alláh ﷻ mula sa Liwanag, isanasagawa nila ang pagsamba kay Alláh ﷻ at naligtas sila dahil sa pagsunod nila kay Alláh, at sila ay may kani-kanilang mga gawain na ipinag-utos sa kanila ni Alláh ﷻ sa ibat-ibang mga bagay sa Mundo. Mayroon sa kanila ang

tagapangalaga sa mga alipin, at mayroong tagasulat ng kanilang mga gawain, at tagapag-bawi ng kanilang mga kaluluwa at iba pang mga gawain na ipinag-utos sa kanila.

* Ikinubli sila ni Alláh ﷻ sa atin kaya't hindi natin sila nakikita, bagama't ang ibang alipin ni Alláh ay pinahintulutan silang Makita.

* Pinagkalooban sila ni Alláh ng mga pambihirang kapangyarihan, katulad ng bilis at lakas at kakayahang mag-ibang anyo, sila ay hindi napapagod, at ang kanilang dami ay hindi nabibilang.

* Pinangalanan ni Alláh ﷻ ang iba sa kanila, at itinuro naman ang ilan sa kanilang mga gawain:

- **Jibrel** : Ang itinalaga ni Alláh ﷻ na tagapaghatid ng rebelasyon sa mga Propeta : Sinabi ni Alláh:

﴿قُلْ مَنْ كَانَ عَدُوًّا لِجِبْرِيلَ فَإِنَّهُ نَزَّلَهُ عَلَى قَلْبِكَ بِإِذْنِ اللَّهِ...﴾ (سورة البقرة ٩٧)

"Sabihin mo: "Kung sinuman ang maging kaaway para kay Gabriel, tunay na siya ang naghatid nitong Qur'an sa iyong puso, ayon sa kapahintulutan ni Allah."(2:97)

- **Málik** : Ang itinalaga na mangalaga sa Impiyerno. Sabi ni Alláh :

﴿وَأَدَاؤًا بِمَا لَكُمْ لِنَقُصَّ عَلَيْكُمْ رَبُّكُمْ قَالَ إِنَّكُمْ مَّا كُنْتُمْ﴾ (سورة الزخرف ٧٧)

"At tinawag nila, "O Málík, hayaan ang iyong Panginoon na magbigay-wakas sa amin! Siya ay nagsabi: Tunay ngang kayo ay mananatili rito (sa Impiyerno)." (43:77)

- **Munkar at Nakir** : Sila ang naatasang magtanong sa alipin kung siya ay nasa libingan na.

3 – Ang Paniniwala sa mga Aklat.

* At naniniwala tayo sa lahat ng mga aklat na Kanyang ipinadala sa lahat ng Kanyang mga Sugo.

* Ang ***Qur'an***, na kanyang ipinadala kay Propeta Muhammad (ang Selyo o Sagka ng mga Propeta) ay ang pinakamainam sa lahat ng Aklat, na ang Qur'an ay ***násikh*** (o nagpawalang bisa) sa lahat nang mga naunang Banal na Aklat, Sabi ni Alláh ﷻ :

﴿مُصَدِّقًا لِّمَا بَيْنَ يَدَيْهِ مِنَ الْكِتَابِ وَمُهَيِّمًا عَلَيْهِ...﴾ المائدة (٤٨)

"Nagpapatotoo sa nauna rito na mga kasulatan at bilang pamantayan na nakasasakop dito"(5:48)

* At ang mga Aklat na nauna sa Qur'an ay hindi na nanatili sa kanilang orihinal na anyo, kaya naman obligado na sundin ang Qur'an at hindi ang mga naunang aklat, at si Alláh mismo ang nangako sa pangangalaga nito mula sa mga pagbabago. Sinabi ni Alláh ﷻ tungkol sa pangangalaga nito:

﴿إِنَّا نَحْنُ نُزِّلُ الذِّكْرَ وَإِنَّا لَهُ لَحَافِظُونَ﴾ سورة الحجر (٩)

"Tunay na Kami ang nagpababa sa Paalaala o Dhiker (Qur'an), at tunay na Kami rito ay talagang mag-iingat" (15:9)

* At kung sinuman ang itanggi niya ang anumang bagay sa Qur'an o magsabi na ito ay hindi kumpleto o hindi kaya'y may dagdag dito o hindi kaya'y may nabago, siya ay itinuturing na *Káfir*.

* Ang Qur'an ay salita ni Alláh ﷻ (ang kanyang mga letra at mga kahulugan) ito mismo ay Kanyang salita at ito ay hindi nilikha.

4- Ang paniniwala sa mga Sugo at Propeta ni Alláh:

* Sila ay pinadala ni Alláh ﷻ sa Kanyang mga nilikha, winika Niya sa Banal na Qur'an:

{رُسُلًا مُبَشِّرِينَ وَمُنذِرِينَ لِئَلَّا يَكُونَ لِلنَّاسِ عَلَى اللَّهِ حُجَّةٌ بَعْدَ الرُّسُلِ وَكَانَ اللَّهُ عَزِيزًا حَكِيمًا}

النساء (١٦٥)

"Nagsugo ng mga sugo bilang mga tagapagbalita ng nakagagalak at mga tagapaghabala upang hindi na magkaroon ang mga tao ng isang katwiran kay Allah matapos ang mga sugo. Si Allah ay laging Nakapangyayari, Marunong." (4:165)

* Naniniwala tayo na ang pinaka-una sa kanila ay si Noah (*Nuh*) at pinaka-huli sa kanila ay si Muhammad ﷺ kalugdan nawa silang lahat ni Alláh ﷻ, winika ni Alláh sa Qur'an:

﴿إِنَّا أَوْحَيْنَا إِلَيْكَ كَمَا أَوْحَيْنَا إِلَى نُوحٍ وَالنَّبِيِّينَ مِنْ بَعْدِهِ .﴾ النساء (١٦٣)

"Tunay na Kami ay nagsiwalat sa iyo gaya ng pagsiwalat Namin kay Noe at sa mga propetang pagkatapos niya."(4:163)

Sinabi pa ni Allāh ﷻ sa ibang talata:

﴿مَا كَانَ مُحَمَّدٌ أَبَا أَحَدٍ مِنْ رِجَالِكُمْ وَلَكِنْ رَسُولَ اللَّهِ وَخَاتَمَ النَّبِيِّينَ وَكَانَ اللَّهُ بِكُلِّ شَيْءٍ عَلِيمًا﴾ (٤٠)

سورة الأحزاب

"Si Muhammad ay hindi ama ng isa sa mga kalalakihan ninyo bagkus Sugo ni Allah at ang pangwakas sa mga Propeta. Si Allah sa bawat bagay ay laging Maalam."(33:40)

* At kung sinuman ang mag-angkin o magpanggap na siya ay propeta pagkatapos ni propeta Muhammad ﷺ o hindi kaya'y maniwala sa isang nagpapanggap na propeta siya ay *kāfir* (o hindi mananampalataya) sapagkat pinasinungalingan niya si Allāh ﷻ at ang sugo niya at ang lahat ng mga Muslim.

* At ang mga Propeta at mga Sugo ay ang pinakamainam sa lahat ng tao, at kung sinuman ang hindi maniwala dito siya ay *kāfir*.

* At naniniwala tayo na ang lahat ng sugo ni Allāh ay mga tao at nilikha niya ﷻ at wala silang katangian ng pagka-Panginoon, pautos na winika ni Allāh ﷻ kay Propeta Muhammad ﷺ sa Qur'an:

﴿قُلْ لَا أَمْلِكُ لِنَفْسِي نَفْعًا وَلَا ضَرًّا إِلَّا مَا شَاءَ اللَّهُ...﴾ (الأعراف) (١٨٨)

"Sabihin mo: "Hindi ako nakakaya para sa sarili ko na magdulot ng pakinabang ni pinsala maliban sa niloob ni Allah." (7:188)

At sinabi pa ni Allāh sa isang talata:

﴿قُلْ إِنِّي لَنْ جَبِرِي مِنَ اللَّهِ أَحَدٌ وَلَنْ أَجِدَ مِنْ دُونِهِ مُلْتَحِدًا...﴾ سورة الجن (٢٢)

"Sabihin mo: "Tunay na ako ay hindi mapangangalagaan laban kay Allah ng isa man kung susuway ako at wala akong matatagpuan bukod pa sa Kanya na isang madadaupan." (72:22)

* Paniwalaan natin si Allāh na Kanyang tinapos ang Kanyang mga minsahé sa mensahé ni Propeta Muhammad ﷺ at kanyang isinugo si Propeta Muhammad ﷺ sa sangkatauhan, sinabi ni Allāh:

﴿قُلْ يَا أَيُّهَا النَّاسُ إِنِّي رَسُولُ اللَّهِ إِلَيْكُمْ جَمِيعًا...﴾ (١٥٨) (الأعراف)

"Sabihin mo: "O mga tao, tunay na ako ay Sugo ni Allah sa inyong labat..." (7:158)

- Si Allāh ay hindi tatanggap ng ibang relihiyon mula sa sinumang tao maliban sa ipinagkaloob Niya. Sabi ni Allāh:

﴿وَمَنْ يَتَّبِعْ غَيْرَ الْإِسْلَامِ دِينًا فَلَنْ يُقْبَلَ مِنْهُ وَهُوَ فِي الْآخِرَةِ مِنَ الْخَاسِرِينَ﴾ (آل عمران) (٨٥)

"Ang sinumang maghangad ng iba pa sa Islam bilang relihiyon, hindi iyon matatanggap mula sa Kanya at siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa mga malulugi." (3:85)

Kaya naman, ang lahat ng yaya ng relihiyon maliban sa relihiyong Islam siya ay *káfir* at ang kawalan ng kasalanan ay na kay Propeta Muhammad.

5- Ang Paniniwala sa Huling Araw

* At naniniwala tayo na ang buhay natin sa mundong ito ay may huling oras at magwawakas. Sinabi ni Alláh:

﴿كُلُّ مَنْ عَلَيْهَا فَانٍ، وَيَبْقَىٰ وَجْهُ رَبِّكَ ذُو الْجَلَالِ وَالْإِكْرَامِ﴾ سورة الرحمن (٢٦-)

"Lahat ng sinumang nasa ibabaw ng lupa na ito ay malilipol, at mananatili ang Mukha ng Panginoon mo, ang nagtataglay ng kaluwalhatian at karangalan." (55:26-27)

* At naniniwala tayo sa pagsubok sa Libingan, na ito ang unang tirahan sa Kabilang Buhay at tatanungin ang patay sa kanyang libingan hinggil sa kanyang Panginoon, kanyang Relihiyon, kanyang Propeta.

* At naniniwala tayo na sa libingan ay may biyaya para sa mga mananampalataya at parusa sa mga mapang-api at mga hindi makatarungan.

* At naniniwala tayo sa Huling Araw, na ito ang Araw ng Muling Pagbangon na kung saan ibabangon ni Alláh ang sangkatauhan mula sa kanilang libingan upang gantimpalaan at papanagutin sa kanilang mga gawain, at gagantimpalaan ang mga matutuwid ng walang hanggang biyaya sa Paraiso, at igagawad sa mga sumuway at nagkasala ang masidhing kaparusahan sa impiyerno. Sabi ni Alláh:

﴿وَنُفِخَ فِي الصُّورِ فَصَمِقَ مَنْ فِي السَّمَاوَاتِ وَمَنْ فِي الْأَرْضِ إِلَّا مَنْ شَاءَ اللَّهُ ثُمَّ نُفِخَ فِيهِ أُخْرَىٰ فَإِذَا هُمْ قِيَامٌ يَنْظُرُونَ﴾ الزمر (٦٨)

"At Ihip sa tambuli at mamamatay ang sinumang nasa mga langit at ang sinumang nasa lupa, maliban sa sinumang niloob ni Allah. Pagkatapos ay ihip dito muli at walang-anu-ano sila ay mga nakatayo na nagsisitanaw (sa pagbibhintay)." (39:68)

* At pinaniniwalaan natin na bago dumating ang araw na yaon ay may mga palatandaan muna na darating, tanda na malapit na ang oras ng pagbabangon.

* At pinaniniwalaan natin ang lahat ng kaalaman na nasa Qur'an at Sunnah na naglalarawan sa kaganapan sa Araw na yaon.

6- Ang Paniniwala sa Tadhana

* Pinaniniwalaan natin ang itinakdang Tadhana ni Alláh sa kanyang mga nilikha maging ito man ay mabuti o masama, ayon sa katalasan ng kaalaman at kapangyarihan ni Alláh. Pinaniniwalaan natin na si Alláh ay:

- ❖ Batid Niya ang mangyayari bago pa ito maganap.
- ❖ At isinulat ang mga nangyari at mangyayari sa **Lawhil Mahfudh** (Tabletang Napangalagaan).
- ❖ At kung anuman ang naisin ni Alláh ay mangyayari at ang hindi Niya naisin ay hindi mangyayari, kaya walang pangyayaring

magaganap maliban na ito ay kanyang ninais, at si Alláh ang maykapangyarihan sa lahat ng bagay.

- ❖ At Siya ang lumikha ng lahat ng bagay, kaluwalhatian para sa Kanya na ginagawa ang anumang kanyang naisin.

Kabilang sa mga Bagay na May Kinalaman sa Aqidah:

- * Ang paniwalaan natin na walang nakababatid sa bagay na hindi nakikita maliban kay Alláh lamang.
- * At kung sinuman ang maniwala sa Manghuhula at Mangkukulam ay nakagawa ng *kufr* o hindi paniniwala, at ang pagsunod dito, ni ang pagsangguni sa kanila ay kabilang sa malaking kasalan.
- * At ang pag-aalay ng anumang uri ng pagsamba upang makamit ang biyaya ay ipinagbabawal lalo na kung ito ay walang katibayan mula sa Qur'an at Sunnah.
- * Ang pamamagitan at tagapamagitan na pahihintulutan ng Qur'an ay: Anumang ikalalapit kay Alláh mula sa mga pagsunod na pinahihintulutan.
- * Ang pamamagitanang pinahihintulutan: Ang pamamagitan sa kay Alláh sa Kanyang magagandang pangalan at katangian katulad ng pagsabi ng isang alipin sa kanyang panalangin: (*Ya Hayyu Ya Qayyum Bika Astaghith*).
- * O hindi kaya'y ipamagitan niya ang kanyang mabuting gawain katulad ng pagsabi ng:

(Alláhumma Inni As-aluka Bibirri Waalidayya Aw Bisilati Lirahimi An Taghfirali Aw Tarhamani Aw Tarzukani)

* O hindi kaya ang *pamamagitan* kay Alláh mula sa *Du'a* o panalangin ng isang matuwid na taong nabubuhay pa. (*ang ibig sabihin bilingin niya sa mga matutuwid at mabubuting tao na buhay na manalangin kay Alláh para sa kanya*).

Ang Ipinagbabawal na *Shafá'ah* (Pamamagitan) :

Ito ay ang *pamamagitan* kay Alláh sa pamamagitan ng mga pamamaraang hindi matatagpuan sa batas ng Islam, katulad ng *pamamagitan* sa katauhan ng mga propeta o mabubuting tao sa kanilang mga katangian o kanilang mga karapatan at iba pang katulad nito. Katulad ng pagsabi ng:

(أَسْأَلُكَ بِجَاهِ النَّبِيِّ، أَوْ أَسْأَلُكَ بِحَقِّ وَلِيِّكَ فَلَانْ أَنْ تَغْفِرَ لِي أَوْ أَنْ تَرْحِمَنِي أَوْ أَنْ تَكْشِفَ كَرْبَتِي)

(As-aluka bi jahin nabi, aw as-aluka bihaqqi waliyyik fulan an taghfira li aw an tarhamani aw an takshifa kurbati)

(Hinihilingko sa iyosa pamamagitang marangal na propeta, o sa pamamagitan ni fulan na malapit sayo na patawarin mo ako, o kaawaan mo ako, o tulungan mo ako sa suliranin ko.)

Ang Pamamagitan na Nagiging *Shirk*:

Ito ay ang gawin ang mga patay bilang tagapamagitan niya kay Alláh sa mga pagsamba niya, panalangin, at

paghiling niya sa kanyang mga pangangailangan at iba pang tulad nito.

* Hindi ipinahihintulot ang paghahatol ng kasiguraduhan sa isang tao mula sa mga muslim na siya sa Paraiso o sa Impierno, maliban lamang kung ito ay may katibayan o napatunayan mula sa Qur'an at Sunnah na siya ay sa Paraiso o sa Impierno.

* Ang nakagawa ng malaking kasalanan na hindi naman umabot sa kasalanang *kufr o shirk* ay hindi pa lumabas sa pananampalataya, ngunit ang kanyang pananampalataya ay kulang dahil sa paggawa niya ng kasalanang ito sa mundo, sa kabilang buhay siya ay nasa ilalim ng kagustuhan ni Alláh, maaring siya ay patawarin o hindi kaya'y parusahan Niya.

* Ang lahat ng mga *Sahabah (kasamahan ni Propeta Muhammad)* ay matatapat at makatarungan, at sila ang pinakamabubuting tao sa muslim ummah pagkatapos ni Propeta Muhammad, at ang pagmamahal sa kanila ay kasama sa relihiyon at pananampalataya, kaya't wala tayong babanggitin na mga bagay mula sa kanila maliban sa karapat-dapat na pagbanggit mula sa mga magagandang papuri, at ang pinakamainam sa kanila ay si *Abu Bakr* pagkatapos si *Umar* pagkatapos si *Uthman* pagkatapos si *Ali*.

* Kabilang sa pananampalatayang Islam ang mahalin ang angkan ni Propeta Muhammad at ang kanyang pamilya, sila ang mga may-bahay ng propeta at

malalapit niyang kamag-anak na mananampalataya tulad ng kanyang mga tiyuhin at mga angkan nila.

* Sinuman ang laitin niya ang anumang bagay na dala ni Propeta Muhammad o kanyang ininsulto si Allāh at ang Kanyang propeta siya ay nakagawa ng *kufr* (o hindi na mananamapalataya)

* At ang panggagaway at ang paggawa nito at pagsang-ayon dito ay *kufr* (o hindi na mananamapalataya).

PANGALAWA: ANG MGA PAGSAMBA

1- TAHARAH (*Ang Kadalisan*)

Ang kadalisan ay binubuo ng mga sumusunod:

A- Ang kadalisan mula sa mga karumihan, kailangan na ang katawan ng magdadasal at ang lugar na kanyang pagdadasalan at ang kasuotan ng kanyang katawan ay malinis at ligtas sa karumihan (*tulad ng ibi o dumi o dugo*)

B- Ang paglilinis mula sa karumihan:

Una: Maliit na Karumihan (*Al-Hadath Al-Asghar*) ang tinutukoy sa maliit na karumihan ay ang mga nakasisira sa *wudu* tulad ng pag-ihing, pag-dumi, o pag-utot at iba pang tulad nito.

Pangalawa: Malaking Karumihan (*Al-Hadath Al-Akbar*) katulad ng *Janabah* (ito ay kapag nakipagtalik sa asawa kabit hindi lumabas ang Semeno o hindi kaya'y kapag lumabas ang Semeno dahil sa pagnanasa o kagalakang sekswal o hindi kaya'y pagkatapos managinip at may lumabas ang Semeno sa maselang bahagi ng katawan (*wet dream*), at

ang *Hayd* (Buwanang dalaw ng mga kababaihan) at ang *Nifás* (pagdurugo pagkatapos ng panganganak) at iba pang katulad nito, at ito ay obligado ang paligo.

* *Ang Wudú'* (Paghubugas): ang paglilinis mula sa maliit na karumihan ay obligado, katulad ng pag-ihì, pag-dumi, at pag-utot, ang malalim na pagtulog at ang pagkain ng karne ng kamelyo at iba pang katulad nito.

Pamamaraan ng Wudú':

- 1- Magsagawa ng intensiyon (*niyyah*) sa puso na maghubugas at hindi kailangan bigkasin pa ang intensiyon.
- 2- Bigkasin ang *bismillah* (sa ngalan ni Alláh) at pagkatapos ay hugasan ang dalawang kamay ng tatlong beses.
- 3- Pagkatapos ay magmumog ng tatlong beses at linisin ang ilong sa pamamagitan ng pagpasok ng tubig sa loob nito at pagsinga ng tatlong beses.
- 4- Pagkatapos ay hugasan ang mukha ng tatlong beses, ang sakop ng mukha ay ang lapad mula sa tainga hanggang sa kabilang tainga, at mula sa tinutubuan ng buhok sa ulo hanggang sa dulo ng tinutubuan ng balbas.
- 5- Pagkatapos ay hugasan ang dalawang kamay ng tatlong beses magmula daliri hanggang siko, unahin ang kanan pagkatapos ay kaliwa.

6- Pagkatapos ay haplusin ang ulo ng isang beses, basain ang dalawang kamay at ihaplos ito mula sa noo hanggang sa likod ng may batok at ibalik itong muli sa noo.

7- Pagkatapos ay haplusin ang dalawang tainga ng basang kamay na nakapasok ang bawat hintuturo sa bawat tainga at ang hinlalaki ay inihahaplos ng minsan sa likod ng tainga.

8- Pagkatapos ay hugasan ang dalawang paa ng tatlong beses na magsisimula sa unahan ng kanyang mga daliri sa paa hanggang sa bukong-bukong, unahin ang kanan at pagkatapos ang kaliwa

* **Ang Ghusl (Paligo)** : Ito ay ang paglilinis na obligado mula sa (*Al-Hadath Al-Akbar*) o malaking karumihan (*tulad ng Janaabah, Hayd, Nifas*)

Pamamaraan ng Ghusl:

1- Magsagawa ng intensiyon sa puso na magsasagawa ng paligo, hindi na kinakailangang bigkasin ng malakas.

2- Pagkatapos ay sabihin ang *bismillah* (*sa ngalan ni Alláh*) at siya ay magsagawa ng kumpletong pamamaraan ng **wudú'**.

3- Ibuhos ang tubig sa ulo ng tatlong beses hanggang sa ito ay lubusang mabasa.

4- Pagkatapos ay buhusan ang kanyang buong katawan.

*** *Ang Tayammum* :** Ito ay ang paglilinis na obligado sa pamamagitan ng alikabok kapalit ng *wudú'* o *ghusl* sa mga hindi makatagpo ng tubig o hindi kaya ay magdudulot sa kanya ng pinsala ang tubig kung ito kanyang gagamitin.

Pamamaraan ng *Tayammum*:

Mag-intensiyon sa puso na magsasagawa ng paglilinis (*gaya sa wudú'* o *ghusl*) pagkatapos ay ihampas ang dalawang kamay sa lupa o anumang bagay na kaugnay sa lupa gaya ng dingding at mga katulad nito ng isang beses lamang, at pagkatapos ay kanyang ihaplos ang kanyang dalawang kamay sa kanyang mukha ng isang beses at pagkatapos ay ihaplos ang bawat kamay sa isat isa unahin ang kanan tapos ay kaliwa.

*** *Ang Hayd*** (*ang buwanang dalaw ng kababaihan*): Dugo na lumalabas mula sa sinapupunan ng babae na nagaganap kapag nagdalaga ang isang babae hanggang sa bago sumapit sa menopause, at kapag hindi nagdadalang-tao, na lumalabas sa takdang panahon.

*** *Ang Nifás*:** Ito ay ang dugo na lumalabas sa maselang bahagi ng katawan ng babae pagkatapos ng panganganak.

Mga Gawaing Ipinagbabawal sa panahon ng *Hayd* at *Nifás* :

- **Ang Pakikipagtalik** : Hindi ipinahihintulot sa lalake na makipagtalik sa kanyang asawa na nasa kalagayan ng *ḥayḍ* at *nifās*.
- **Ang Pagdarasal, Pag-aayuno, at Tawaf (pag-ikot sa Ka'bah)** : Maliban na ang pag-aayuno ay kailangang bayaran kapag nasa malinis na, ngunit ang pagdarasal ay hindi na kailangang bayaran. (*Ang may ḥayḍ at nifās ay hindi pinahihintulutan na magdasal o mag-ayuno o magsagawa ng tawáf sa Ka'bah*).
- **Ang paghawak o pagbasa ng Qur'an.**
- **Ang pagpasok sa Masjid.** (*kaya't ang may may ḥayḍ at nifās ay hindi pinahihintulutang pumasok sa loob ng Masjid*).
- **Ang Taláq (Diborsiyo):** (*hindi pinahihintulutan sa isang lalake na idiborsiyo niya ang kanyang asawa na ito ay nasa ḥayḍ at nifās*).

2- **SALÁH** (*Ang Pagdarasal*):

Ito ang pinakadakilang haligi ng Islam pagkatapos ng *Shahadatayn* (o pagsaksi na walang ibang Diyos na dapat sambahin kundi si Alláh at pagsaksi na si Propeta Muhammad ay propeta at sugo ni Alláh), at ito ay ang pangalawang haligi ng Islam, at sinuman ang iwanan niya ang Salah sa pangkabuuhan nito ay katunayan siya ay nakagawa ng *kufr* (*kawalan ng pananampalataya*) at hindi katanggap-tanggap mula sa isang muslim na magsagawa ng pagdarasal maliban kung naisaganap niya ang mga kundisyon nito, ang mga haligi nito, at ang mga obligado dito, at iwasan ang lahat ng makasisira rito, at hindi rin ito maaaring isagawa

maliban kung paano ito isinagawa ni Propeta Muhammad.

Mga Kundisyon ng Saláh:

Ito ang mga kinakailangang maisaganap bago isagawa ang saláh, at hindi katanggap-tanggap ang dasal kung wala ang mga ito, maliban sa mga kadahilanang panahihintulutan ng batas ng Islam, at ito ay ang:

1- Paglilinis mula sa *Maliit na Karumihan* (*Al-Hadath Al-Ashar*) (*tulad ng pag-ibi, pag-dumi, pag-utot*) sa pamamagitan ng wudú'.

2- Paglilinis mula sa *Malaking Karumihan* (*Al-Hadath Al-Akbar*) (*katulad ng janábah, hayd at nifás*) sa pamamagitan ng kumpletong paligo.

3- Pagpasok ng takdang oras: Kaya't hindi katanggap-tanggap ang pagdarasal hangga't hindi sumasapit ang takdang oras nito, Kaya naman hindi maaring isagawa ang dasal sa tanghali (*Salatud Dhur*) hanggat hindi pa sumasapit ang takdang oras nito.

4- Pagharap sa *Qiblah* (*lugar na kinaroroonan ng Ka'bah sa Makkah*): Kaya't hindi katanggap-tanggap ang dasal kung ito ay hindi nakaharap sa Qiblah.

5- Pagtakip sa *Áwrah* (*Ito ay magmula sa pusod hanggang lagpas-tuhod para sa kalalakihan, at sa mga kababaihan naman ay ang buong katawan maliban sa mukha at dalawang kamay*): Kaya't hindi katanggap-tanggap ang dasal kung may nakalabas sa mga bahagi ng *áwrah*.

6- Ang *Niyyah* (*Intensyon*): Ito ay ang paglalayun na maisagawa ang saláh, at ang lugar nito ay ang puso.

Pamamaraan ng Saláh:

- Haharap ang magdadasal sa *qiblah* saan mang lugar siya naroroon, na naglalayun sa kanyang puso na maisagawa ang pagdarasal na kanyang nais (dasal sa tanghali, o dasal sa hapon, na nakatayo (*sapagkat ang pagtayo sa saláh sa may kakayahán nito ay isa sa haligi*).
- Isagawa ng ***takbiratul ihram*** sa pamamagitan ng *takber* (*ito ay ang pagsabi ng Alláhu Akbar, kasabay ng pag-angat ng dalawang kamay kapantay sa balikat*) ang ***takbiratul ihram*** ay isa sa haligi ng pagdarasal, ngunit ang mga nalalabing *takber* pagkatapos nito ay kabilang sa mga obligado sa pagdarasal.
- Pagkatapos ay ipatong ang kanang kamay sa kaliwa at ilalagay sa kanyang kanang dibdib.
- Basahin ang *suratul fatihah*, ito ay haligi ng pagdarasal, pagkatapos ay magbabasa ng iba pang *surah* na kanyang kabisa sa Qur'an.
- Isagawa ng ***takbir*** (*ito ay ang pagsabi ng Alláhu Akbar, kasabay ng pag-angat ng dalawang kamay kapantay sa balikat*) pagkatapos ay yuyuko (*na ang ulo ay kapantay ng kanyang tuwid na likod habang siya ay nakayuko, at nakapatong ang kanyang dalawang kamay sa dalawang tuhod*) at maging mahinahon sa pagyuko at bigkasin ***subhána rabbiyal adhim*** (*Kaluwalhatian sa aking Panginoon ang Pinakadakila*) ng tatlong beses o higit pa, kaya't ang ***ruku*** (*pagyuko*) ay haligi ng pagdarasal, at ang pagbanggit ng ***subhána rabbiyal adhim*** ay ubligado sa pagdarasal.

- Ibangon ang ulo mula sa pagkayuko hanggang tuluyang makatayo ng tuwid (*ito ay haligi ng pagdarasal*) na nakataas ang dalawang kamay at pantay sa balikat habang binibigkas ang **sami-allahu liman hamidah** (*dinidinig ni Alláh ang sinumang pumupuri sa Kanya*), Kung siya ay Imám (*namumuno sa dasal*) o nagdarasal ng mag-iisa, at kanyang bibigkasin habang tumatayo mula sa pagkayuko **rabbana wa lakal hamd** (*Panginoon namin, sa Iyo lamang nauukol ang labat ng papuri*). Ang **ma'mum** (*sumusunod sa Imám*) ay hindi na bibigkasin ang **sami-allahu liman hamidah** at kapag nirinig niya ito mula sa Imám kanyang sasabihin **rabbana wa lakal hamd**.
- Pagkatapos ay magpatirapa kasabay ng pagsabi ng *Alláhu Akbar* sa pamamagitan ng pitong bahagi ng katawan, at ito ay haligi din sa pagdarasal (*ang pitong bahagi na ito ay: ang dalawang palad, noo na kasama ang ilong, dalawang tuhod, dalawang paa*) habang nakatirapa ay bibigkasin ang **subhána rabbiyal a'la** (*Kaluwalhatian sa aking Panginoon Ang Kataastaasan*) at mas mainam kung bibigkasin ito ng tatlong beses, (*ang pagbigkas ng subhána rabbiyal a'la ay obligado*).
- Pagkatapos ay ibangon ang ulo mula sa pagkapatirapa kasabay ng pagbigkas ng *Alláhu Akbar* at umupo, at ang pagtaas ng ulo at pag-upo ay haligi ng pagdarasal, pagkatapos ay kanyang bibigkasin habang naka upo ang **rabbighfirli** (*Panginoon ko ako po ay Iyong patawarin*) at ang pagbigkas ng salitang ito ay obligado. Maging

mahinahon sa pag-upo sapagkat ito rin ay haligi ng pagdarasal.

- Pagkatapos ay magpatirapa ng pangalawang pagpapatirapa kasabay ng pagsabi ng *Alláhu Akbar*, gagawin ulit ang ginawa sa unang pagpapatirapa (at ito ang isang kumpletong *raka'ah* o unit).

- Itaas ang ulo kasabay ng pagbigkas ng *Alláhu Akbar* at pagkatapos ay tumayo ng tuwid para sa pangalawang *raka'ah*, ito rin ay haligi ng pagdarasal, at isagawa niya ang katulad ng kanyang ginawa sa unang *raka'ah*.

- Kung ang pagdarasal ay dalawahang *raka'ah* lamang, katulad ng *Salatul Fajr* at *Juma'ah* at *Eid*, uupo pagkatapos ng pagbangon mula sa pangalawang pagpapatirapa sa pangalawang *raka'ah* at babasahin ang *Tashahhud* sa pag-upong ito, at ito ay: (***Attahiyátu lilláhi waṣ ṣalawátu waṭ ṭayyibát, assalámu 'alayka ayyuhan nabíyu wa rahmatulláhi wa barakátuh, assalámu 'alayná wa 'alá 'ibádilláhiṣ ṣálihín, ash'hadu allá iláha illalláh, waḥdahu lá shariká lah, wa ash'hadu anna muḥammadan 'abduhu wa rasúluh***). pagkatapos ay sasabihin ang: (***Alláhumma ṣalli 'alá Muhammad wa 'alá áli Muhammad, kamá ṣallayta 'alá Ibráhím, wa 'alá áli Ibráhím, innaka hamídum majíd; alláhumma bárik 'alá Muhammad, wa 'alá áli Muhammad, kamá bárakta 'alá Ibráhím, wa 'alá áli Ibráhím, innaka ḥamídum majíd***).

Ang pagbigkas ng *Tashahhud* sa huling *raka'h* kasama ng panalangin para kay Propeta Abraham ay haligi ng pagdarasal.

- Pagkatapos ay isagawa ang *taslim* (o paglingon sa kanan kasabay ng pagsabi ng *Assalamu Alaykum wa Rahmatullah* at pagkatapos ay sa kaliwa). Ang pagsagawa ng *taslem* sa kanan at kaliwa ay haligi ng pagdarsal.

- Ngunit kung ang bilang ng *raka'ah* na dasal ay tatlo o apat tulad ng *Salatud Dhur* o *Salatul Asr* o *Salatul Eisha*, babasahin ang *Tashahhud* na nabanggit habang nakaupo. Ang pagbasa nito kasama ng pag-upo ay kabilang sa obligado ng pagdarasal. Pagkatapos ay tumayo ng tuwid habang binabanggit ang *Alláhu Akbar* magsagawa ng isa pang karagdagang *raka'ah* kung ang dasal ay tatluhan, pagkatapos ay basahin ang *Tashahhud* pagkatapos ng pangatlong *raka'ah*, at magsagawa ng karagdagang dalawang *raka'ah* kung ang dasal ay apatan, pagkatapos bigkasin ang *Tashahhud* pagkatapos ng pang-apat na *raka'ah*, isagawaa ang *taslem* sa kanan at kaliwa katulad sa unang nabanggit.

- Ang pagkakasunod-sunod sa pagitan ng mga *arkán* (haligi) ng dasal ay kailangan, sapagkat ito ay haligi ng dasal, (ito ay ang hindi mauna ang isang haligi sa isa).

- Ang pagiging mahinahon sa pagsasagawa ng pangkalahatang *arkán* ay haligi rin ng pagdarasal, (ito ay ang hindi pagmamadali sa pagsasagawa nito).

Ang *Arkán* (Mga Haligi) na Nabanggit sa Pamamaraan ng *Saláh*:

- 1- Ang pagtayo ng may kakayahan.
- 2- Pagsasagawa ng *takbiratul ihram*.
- 3- Ang pagbigkas ng *Surah Al-Fátihah* sa lahat ng *raka'ah*.
- 4- Ang pagyuko.
- 5- Ang pagbangon mula sa pagyuko at pagtayo ng tuwid.
- 6- Ang pagpapatirapa sa pitong bahagi ng katawan at ito ang mga sumusunod, (*ang dalawang palad, noo na kasama ang ilong, dalawang tuhod, dalawang paa*).
- 7- Ang pag-upo sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa.
- 8- Ang pagbigkas ng Huling *Tashahhud*.
- 9- Ang pag-upo para sa Huling *Tashahhud*.
- 10- Ang pagbigkas ng panalangin para kay Propeta Abraham.
- 11- Ang pagasagawa ng *taslem*.
- 12- Ang pagkakasunod-sunod ng mga *arkán*.
- 13- Ang pagiging mahinahon sa pagsasagawa ng lahat ng haligi ng pagdarasal.

Hindi katanggap-tanggap ang *Saláh* kung wala itong mga nabangit, at kung sinuman ang iwanan niya ito ng sadya o nalimutan, ang kanyang dasal ay walang bisa:

Salamantalang ang mga *wájib* (*obligado*) naman sa pamamaraan ng pagdarasal na nabanggit ay kung sinuman ang iwanan niya ito ng sadya, ang kanyang dasal ay walang bisa, at kung sinuman ang naiwanan ito dahil sa pagkalimot ay kailangang magsagawa siya ng dalawang *sujud*, ito'y kanyang isasagawa sa dulo ng dasal, ito ay ang dalawang *sujud* kapalit ng pagkalimot.

Ang Mga Nakasisira sa Saláh:

Ang pag-iwan ng sadya sa isa sa mga arkán ng saláh o sa mga *wájib* ng saláh. Ang pagkain at pag-inom ng sadya. Ang pagsasalita ng sadya na hindi kasama sa pagdarasal. Ang pag-utot o ang mga bagay na kinakailangan ng wudú' (*katulad sa mga nakasisira sa wudú', mga nakasisira sa ghusl at pagkapit ng dumi sa nagdadasal*). Ang paggalaw ng sunod-sunod na hindi naman kinakailangan. Ang paglihis ng buong katawan mula sa Qiblah. Ang pagtawa sa loob ng saláh. Ang labis na pagsasagawa ng pagyuko, pagpapatirapa, pagtayo, pag-upo na sinasadya. Ang pangunahan ang Imám (*para sa mga ma'mum*).

Talaan ng Oras at Bilang ng Raka'ah sa Saláh

Saláh	Bilang ng Raka'ah	Ang Oras Nito
Al-Fajr	2 <i>Raka'ah</i>	Mula sa pagsikat ng tunay na buhang liwayway hanggang sa pagsikat ng araw.
Ad-Dhur	4 <i>Raka'ah</i>	Mula sa paglipas ng tanghaling tapat hanggang sa maging kapantay na ng isang bagay ang kanyang aninu.
Al-Asr	4 <i>Raka'ah</i>	Mula sa maging kapantay na ng isang bagay ang kanyang aninu hanggang sa ito'y maulit muli. (<i>Dapit hapon</i>)
Al-Maghrib	3 <i>Raka'ah</i>	Mula sa paglubog ng araw hanggang sa mawala ang Takip silim sa kanluran.
Al-Eisha	4 <i>Raka'ah</i>	Mula sa paglubog ng Araw sa hanggang sa hating gabi, at kung kailangang-kailangan ay hanggang <i>fajr</i> .

Mga Bagay na May Kinalaman sa Saláh:

A- Ang pagdarasal ng *jamaa'ah* (*magkakasama*) ay obligado para sa mga kalalakihan ngunit hindi para sa mga kababaihan.

B- Ang *Adhán* (*panawagan para sa saláh*) at *Iqámah* (*panawagan na isasagawa na ang saláh*) ay obligado sa mga kalalakihan ngunit hindi para sa mga kababaihan.

* Pamamaraan ng Adhán:

Alláhu Akbar (2x)	الله أكبر (٢x)	Si Alláh ay Pinakadakila.
Alláhu Akbar (2x)	الله أكبر (٢x)	Si Alláh ay Pinakadakila.
Ash'hadu allá iláha illalláh (2x)	أشهد أن لا إله إلا الله (٢x)	Sumasaksi ako na walang Totoong Diyos kundi Si Alláh.
Ash'hadu anna Muḥammadar rasúlulláh (2x)	أشهد أن محمداً رسول الله (٢x)	Sumasaksi ako na si Muhammad ay Sugo Ni Alláh.
Hayya 'alas ṣaláh (2x)	حي على الصلاة (٢x)	Halina sa Pagdarasal.
Hayya 'alal faláh (2x)	حي على الفلاح (٢x)	Halina sa Tagumpay.
Alláhu Akbar (2x)	الله أكبر (٢x)	Si Alláh ay Pinakadakila.
Lá iláha illalláh	لا إله إلا الله	Walang Totoong Diyos kundi Si Alláh.

* **Puna:** Ang Adhán sa Saláh *Al-Fajr* ay may karagdagang bibigkasin, *assallátu khairum minan nawm* (ang pagdarasal ay mas mainam kaysa sa pagtulog) ng dalawang beses pagkatapos ng pagbigkas ng *hayya alal faláh* bago bigkasin ang *Alláhu Akbar Alláhu Akbar*.

K- Ang *Iqámah* (panawagan na isasagawa na ang saláh) obligado para sa mga kalalakihan sa bawat pagsasagawa ng saláh.

* Pamamaraan ng *Iqámah*:

Alláhu Akbar (2x)	الله أكبر (٢x)	Si Alláh ay Pinakadakila.
Ash'hadu allá iláha illalláh	أشهد أن لا إله إلا الله	Sumasaksi ako na walang Totoong Diyos kundi Si Alláh.
Ash'hadu anna Muhammadar rasúlulláh	أشهد أن محمداً رسول الله	Sumasaksi ako na si Muhammad ay Sugo Ni Alláh.
Hayya 'alas galáh	حي على الصلاة	Halina sa Pagdarasal.
Hayya 'alal faláh	حي على الفلاح	Halina sa Tagumpay.
Qad qámatis galáh (2x)	قد قامت الصلاة (٢x)	Talagang ang saláh ay itinayo na.
Alláhu Akbar (2x)	الله أكبر (٢x)	Si Alláh ay Pinakadakila.
Lá iláha illalláh	لا إله إلا الله	Walang Totoong Diyos kundi Si Alláh.

Saláh Al-Jum'ah (*pagdarasal sa araw ng Biyernes*):

Obligado para sa mga kalalakihan nasa tamang edad dahil sa sinabi ni Alláh:

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا إِذَا نُودِيَ لِلصَّلَاةِ مِنْ يَوْمِ الْجُمُعَةِ فَاسْعَوْا إِلَىٰ ذِكْرِ اللَّهِ وَذَرُوا الْبَيْعَ ...﴾ الجمعة

(٩)

"O mga sumampalataya, kapag nanawagan para sa pagdarasal sa araw ng Biyernes ay magdali-dali kayo sa pag-alaala kay Allah at iwan ninyo ang pagtitinda." (62-9)

Ito ay dalawang raka'ah na dasal na isinasagawa ng Khatib (taong nagsasagawa ng Sermon) kasama ng Jamá'ah kapalit ng pagdarasal sa Saláh Ad-Dhur sa araw ng Biyernes, kaaya-aya sa araw na ito ang paliligo at pagsusuot ng malinis na damit at pagpapabango at pagpunta ng maaga sa Masjid bago paman pumasok

ang oras nito. At hindi na ipinahihintulot ang anumang salita kapag ang *Khatib* ay nagsimula na sa kanyang sermon. At ipinagbabawal na ang pagtinda at pagpagbili sa pangalawang Adhán nito.

Ang Dalawang *Saláh Al-Eid* (*Eid Al-Adha* at *Eid Al-Fitr*):

Sunnah Mu'akkadah (mga *sunnah* na binigyang-diin at pinanatiling isinagawa ng *Propeta*) at ang ilang sa mga pantas ng Islam ay nagsabing ito ay obligado, para sa kalalakihan at mas mainam din na lumabas ang mga kababaihan para dito.

Kaaya-aya para sa araw na ito ang paliligo at pagsusuot ng magandang damit at ang pagpapabango (*para sa mga kalalakihan*) at pagsasagawa ng *takber* sa gabi ng dalawang *Eid* na ito, at ipagpapatuloy ang pagsasagawa ng *Takber Al-Mutlaq* (*ang pagsasagawa ng takber ng walang nakatakdang oras o panahon.*) hanggang sa paglabas ng *Imám* para sa dasal ng *eid* pagkatapos nito ay magsasagawa na ng *Takber Al-Muqayyad* (*ang pagsasagawa ng takber sa bawat pagkatapos ng mga obligadong saláh*) ang pagpapatuloy ang *Takber Al-Muqayyad* ay sa araw *Eid Al-Adha* lamang hanggang sa paglubog ng araw. sa ika-apat na araw ng *eid* na ito, at sa bawat pagkatapos ng dasal.

Pamamaraan ng *Takbir*:

Alláhu Akbar, Alláhu Akbar, Lá Iláha Illaláh, Walláhu Akbar, Alláhu Akbar Wa Lillahlil Hamd.

Ahkám Al-Janázah (*Alituntunin sa Patay*):

Ipinagbabawal ang pag-iyak na may kasamang hagulhol at pagsigaw sa patay kapag namatay na, sinabi ni Propeta Muhammad: "*Sinuman ang umiyak na may kasamang hagulgol tunay na siya ay parurusahan dito sa Araw ng Pagbabangon*". Ngunit ang pag-iyak ng walang kasamang paghagulgol ay pinahihintulutan.

Nararapat sa isang babae kapag namatay ang kanyang asawang lalaki na ipatupad ang *Ihdád* (*ang hindi paglabas ng babae mula sa kanyang babay maliban kung kinakailangan, at hindi siya magpapaganda sa pananamit at hindi maglalagay ng mga pampaganda gaya ng paglalagay ng kuhul at pag-papabango at iba pang tulad nito.*) sa loob ng Apat na Buwan at Sampung Araw, ngunit sa hindi niya asawa ay tatlong araw lamang.

Hindi rin maaring ikasal o makipagkasundo para sa kasal ang babae habang siya ay nasa *Ihdád* para sa kanyang asawa.

Ang Paghugas sa Patay:

Obligadong hugasan ang patay maging ito man ay lalake o babae, maliit man o malaki.

Pamamaraan ng Paghugas sa Patay:

1- Marahang buhusan ng tubig ang katawan ng patay, hanggang lubusang mabasa ng tubig ang buong katawan nito.

- 2- Kaaya-aya na isasagawa ang wudú' para sa saláh sa patay, pagkatapos ay hugasan ng tatlong beses.
- 3- Kung walang kakayahan upang maisagawa ang paligo sa pamamagitan ng tubig sa anumang kadahilanan ay maaring isagawa ang *tayammum* sa pamamagitan ng alikabok gaya ng pagsasagawa nito sa pagdarasal.
- 4- Ang lalake ay huhugasan ng lalake, ngunit maaring hugasan ng lalake ang kanyang asawa, at ang babae ay huhugasan ng babae, ngunit maari rin niyang hugasan ang kanyang asawa.

Ang Pagbalot sa Patay:

Kinakailangang balutin ang patay, ito ay ang matakpan ang kanyang buong katawan (*mula sa kanyang ulo hanggang sa kanyang dalawang paa*) sa pamamagitan ng tela o hindi kaya'y damit at mga katulad nito. Babalutin sa pamamagitan nito ang patay at kaaya-aya kung babalutin ng tatlong beses ang lalake at limang beses naman kung babae.

Ang Saláh sa Patay:


Obligadong dasalan ang patay, at sapat na kung ito dadasalan ng ilang muslim lamang, at ang kundisyon sa pagdarasal sa patay ay katulad ng mga kundisyon para sa obligadong saláh.

Pamamaraan ng Saláh sa Patay:

Ilagay ang patay sa dakong kinaroroonan ng Qiblah at tatayo ang Imám (*sa harap ng ulo ng patay kung ito ay lalake at sa gitna naman kung ito ay babae*) at ang mga tao ay sa likod nito na nasa tatlong linya o higit pa. Ngunit kung mag-isa lamang ay dadasalan niya ito ng mag-isa. Pagkatapos ay isagawa ang *takber* (*ang pagsabi ng Alláhu Akbar, kasabay ng pag-angat ng dalawang kamay kapantay sa balikat*) ng apat na beses. Pagkatapos ng unang *takber* ay kanyang babasahin ang *Al-Fátihah* ng hindi malakas at pagkatapos nito at magsagawa ng pangalawang *Takbeer* at basahin ang,

Salatul Ibrahimiyyah (*balikan ang mga kundisyon sa pagdarasal*) at pagkatapos ay magsagawa ng pangatlong *Takbeer* at pagkatapos ay bumigkas ng mga *du'a* (*panalangin*) para sa patay at pagkatapos ay magsagawa ng pang-apat na *Takbir* ngunit dito ay walang babasahin na anuman, at magsagawa ng *Tasleem* sa gawing kanan lamang ng isang beses lang.

Ang Lugar na Kinatatayuan ng Imám o Nag-iisa lamang



Ang Paglibing :

Ang paglibing sa patay ay obligado, ang buong katawan nito ay kinakailangang mailibing sa lupa pagkatapos ay iharap sa *Qiblah* ang katawan at na nakatagilid na nakalapat sa lupa ang kanyang kanang balikat.

Mga Dapat Tandaan sa Paglibing :

- 1- Ang pagpantay ng libingan sa lupa, ito ay dahil sa utos ni Propeta Muhammad na pagpapantay-pantay sa mga libingan, maliban na kung ang taas ng puntod ay isang dangkal ito ay pinahintulutan ayon sa karamihan ng Pantas ng Islam.
- 2- Ipinagbabawal pagpapalamuti at paglalagay ng mga magagandang ilaw sa libingan at ang paggawa ng bahay dito sa dahilang ito ay hindi ipinahintulot ni Propeta Muhammad.
- 3- Ipinagbabawal ang pagpapatayo ng Masjid sa Libingan.
- 4- Ipinagbabawal ang pagdukal sa libingan.
- 5- Ipinagbabawal ang sa pag-upo sa sa ibabaw ng libingan.

3 – Ang Sawm (*Pag-aayuno*):

Ito ay ang pagpigil sa pagkain at pag-inom at pagnanasa (*pakikipagtalik at ang paglabas ng punlay*) at lahat ng nakasisira sa pag-aayuno, na ang hangarin ay ang pagsamba kay Alláh,

magmula sa pagsikat ng araw hanggang sa paglubog nito, sa buwan ng *Ramadhan* ito ay obligado, at sa ibang mga araw sa buong taon ay buluntaryo. Dahil sa sinabi ni Alláh sa Banal na Qur'an:

﴿شَهْرُ رَمَضَانَ الَّذِي أُنْزِلَ فِيهِ الْقُرْآنُ هُدًى لِّلنَّاسِ وَبَيِّنَاتٍ مِّنَ الْهُدَىٰ وَالْفُرْقَانِ فَمَن شَهِدَ مِنْكُمُ الشَّهْرَ فَلْيَصُمْهُ وَمَن كَانَ مَرِيضًا أَوْ عَلَىٰ سَفَرٍ فَعِدَّةٌ مِّنْ أَيَّامٍ أُخَرَ يُرِيدُ اللَّهُ بِكُمُ الْيُسْرَ وَلَا يُرِيدُ بِكُمُ الْعُسْرَ وَلِتُكْمِلُوا الْعِدَّةَ وَلِتُكَبِّرُوا اللَّهَ عَلَىٰ مَا هَدَاكُم وَلَعَلَّكُمْ تَشْكُرُونَ﴾ سورة البقرة

(185)

"Ang buwan ng *Ramadan* ay ang buwan na ibinaba roon ang *Qur'an* bilang patnubay para sa mga tao, bilang mga malinaw na katunayan mula sa Patnubay at Batayan. Kaya ang sinumang sa inyo ay nananahan na nakasaksi sa buwan na ito ay pag-ayunuhan niya ito, at ang sinumang sa inyo ay may-sakit o nasa isang paglalakbay ay mag-aayuno ng katulad na bilang mula sa ibang mga araw. Hinahangad ni Allah sa inyo ang kagaanan at hindi Niya hinahangad sa inyo ang kabigatan at upang lubusin ninyo ang bilang ng araw ng pag-aayuno at upang dakilain ninyo si Allah dahil nagpatnubay Siya sa inyo at nang harinawa kayo ay magpasalamat"(2-185)

وقول النبي (بني الإسلام على خمس: شهادة أن لا إله إلا الله وأن محمد رسول الله،

وإقام الصلاة، وإيتاء الزكاة، وصوم رمضان، وحج البيت

متفق عليه

Sinabi ng Sugo ni Alláh: (Naitayo ang Islam sa limang haligi: Ang pagsaksi na walang ibang na karapat-dapat sambahin kundi si Alláh lamang at si Propeta Muhammad ay Sugo ni Alláh, ang pagsasagawa ng pagdarasal (Saláh), ang pagbibigay ng Obligadong Kawang-gawa (Zakáh), at Pag-aayuno sa buwan ng Ramadhan (Sawm), at ang (Hajj) paglalagbay sa Bahay (Ka'bah) ni Alláh sa Makkah.) Bukhari at Muslim

Kundisyon sa pagiging obligado ng pag-aayuno sa isang muslim (*Lalake man o Babae*), na siya ay nasa tamang pag-iisip at nasa tamang gulang, at para sa babae ginagawang kundisyon sa kanya ang pagiging malinis mula sa dugo dahil sa regal (*Hayd*) o dugo mula sa bagong panganak (*Nifas*).

Mga Nakasisira sa Pag-aayuno :

1- Pagkain at pag-inom at pakikipagtalik at ang paglabas ng punlay ng sinasadya (*ngunit kung nanaginip at pagkatapos ay may lumabas na punlay, ito ay hindi nakasisira ng pag-aayuno*) at ang pagpasok ng tubig sa lalamunan at ang paglabas ng dugo dahil sa regla o dahil sa bagong panganak, ito ay mga nakasisira ng pag-aayuno.

2- Sinuman na sadyain niyang layunin ang paghinto sa pag-aayuno, ay nakakasira din ng pag-aayuno kahit

hindi niya ginawa ang anumang nakasisira sa pag-aayuno.

3- Sinuman ang makagawa sa mga nakakasira ng pag-aayuno ng dahil sa pagkalimot ito ay hindi nakasisira sa dito.

4- Pinapahintulutan ang naglalakbay na hindi magsagawa ng ayuno kung ang kanyang nilalakbay ay nakaabot ng araw at gabi, at kanyang bayaran ang mga ito pagtapos ng Ramadhan, at ganoon din ang mga may sakit na hindi kaya ang pag-ayuno, o hindi kaya'y makakapinsala sa kanya kung sila ay mag-ayuno, at ganoon din ang mga babaeng buntis o hindi kaya ang nagpapasusu, kung siya ay natatakot para sa kanyang sarili o sa anak niya, maari siyang hindi mag-ayuno at bayaran na lamang ito pagkatapos ng Ramadhan.

5- Ganoon din ang mga matatanda, maging ito ay lalaki o babae na hindi na nila makayanang mag-ayuno, maaari silang hindi mag-ayuno, subalit kanilang palitan ito ng pagpapakain para sa mga mahihirap sa bawat araw na kanilang hindi mapag-ayunuhan sa halagang (*Mud*) (ang *Mud* ay malapit na katumbas ng 45 gramong bigas).

4- Ang Zakáh

Ang pangatlong haligi ng Islam at laging kasama ng salah kapag nababanggit sa Qur'an.

* Ito ay obligadong karapatan sa mga tiyak na ari-arian at sa tiyak na grupo ng tao at sa nakatakdang panahon at sa mga dakilang kadahilanan. si Alláh ay nagsabi:

(خُذْ مِنْ أَمْوَالِهِمْ صَدَقَةً تُطَهِّرُهُمْ وَتُزَكِّيهِمْ بِهَا ﴿١٠٣﴾ التوبة)

"Kumuha ka mula sa mga ari-arian nila ng isang kawanggawa na magdadalisay sa kanila at magpapalago sa kanila sa pamamagitan nito." (9-103)

وقال الرسول: (بني الإسلام على خمس: شهادة أن لا إله إلا الله وأن محمداً رسول الله،

وإقام الصلاة، وإيتاء الزكاة، وصوم رمضان، وحج البيت) متفق عليه.

Sinabi ng Sugo ni Alláh: (Naitayo ang Islam sa limang haligt: Ang pagsaksi na walang ibang na karapat-dapat sambahin kundi si Alláh lamang at si Propeta Muhammad ay Sugo ni Alláh, ang pagsasagawa ng pagdarasal (Saláh), ang pagbibigay ng Obligadong Kawang-gawa (Zakáh), at pag-aayuno sa buwan ng ramadhan (Sawm), at ang (Hajj) paglalagbay sa Bahay (Ka'bah) ni Alláh sa Makkah.) Bukhari at Muslim

* Ito ay hindi tulad ng ordinaryong kawang-gawa lamang na maaring ibigay sa sinumang kanyang nais. Ngunit ito ay obligadong karapatan at isang uri ng pagsamba sa pamamagitan ng kayamanan na inubliga ni Alláh para ibagay sa mga mahihirap upang mapunan ang kanilang mga pangangailangan at mapaluwag ang kanilang mga kagipitan, pantakip sa mga pagkakamali, at humahadlang sa mga kapinsalaan,

at, malakas na pinagmumulan upang makamit ang kapanatagan.

* Ang mga Kayamanan na obligadong kunan ng Zakáh ay apat na uri:

1- Ang mga nagmumula sa Lupa (*katulad ng mga Butil, Bunga, mga nakukuha sa Minahan*) ngunit ang Prutas at Gulay ay hindi na kailangang kuhanan ng Zakáh .

2- Ang mga Hayop (*katulad ng Kamelyo, Baka, Tupa.*)

3- Ang Ginto at Pilak, ngunit maliban sa dalawang ito ang iba pang uri ng mga Hiyas o Alahas ay hindi kailangan kuhanan ng Zakáh .

3- Ang Negosyong Paninda (*lahat ng inihanda para sa negosyo*) ngunit ang lahat ng inihanda para sa pansariling gamit gaya kagamitan pambahay, tirahan, sasakyan at iba pang katulad nito ay hindi kailangang kunan ng Zakáh .

* Hindi obligado ang Zakáh sa mga nabanggit na kayamanan kung hindi umabot sa *Nisab (takdang halaga)* na itinakda ng Mambabatas.

- Ang **Nisab** : Ito ay ang nakatakdang halaga na kapag naabot na ng kayamanan ay kailangan ng kuhanan ng Zakáh , ngunit kung hindi umabot ay hindi obligadong kunan, at ito ay nagkakaiba-iba batay sa uri ng kayamanan:

Tingnan ang mga sumusunod na Talaan :

Una: *Ang mga Nagmula sa Lupa:*

Unang Uri (Uri ng Kayamanan)	Nisáb	Takdang Halaga na Ilalabas para sa Zakáh
Mga Butil at Bunga: (kung maari ng anihin Butil at hinog na ang Bunga)	Kapag umabot (5) Sako pataas. 1 Sako = 60 Sa'a 1 Sa'a = 4 na punong hakop ng kamay ng lalaki (3 Kilo).	Kapag ang Pananim ay nabubuhay sa pamamagitan ng Ilog o Ulan (<i>walang gastos</i>) ang zakáh ay 10 %, kung ito'y nabubuhay sa pamamagitan ng Makina o mga Pambuhat (<i>may gastos</i>), ang zakáh ay 5 %.
Mina (kayamananang nagmumula sa lupa)	Kapag umabot ang <i>nisáb</i> nito katulad ng <i>nisáb</i> ng Ginto at Pilak o higit pa.	Ang ilalabas na zakáh dito ay 2.5 %.

Pangalawa : *Ang mga Hayop:*

Unang Uri (Uri ng Kayamanan)	Nisáb	Takdang Halaga na Ilalabas para sa Zakáh
Kamelyo	5 - 9	1 Tupa
	10 - 14	2 Tupa
	15 - 19	3 Tupa
	20 - 24	4 Tupa
Baka	30 - 39	1 Baka – 1 Taon
	40 - 59	1 Baka – 2 Taon (Mahigit Kumulang)
	60 - 69	2 Baka – 1 Taon
	70 - 79	1 Baka – 1 Taon 1 Baka – 2 Taon (Mahigit Kumulang)
Tupa	40 - 120	1 Tupa- 1 Taon
	121 -200	2 Tupa- 1 Taon
	201 - 399	3 Tupa- 1 Taon

Pangatlo: *Ang Ginto at Pilak:*

Unang Uri (Uri ng Kayamanan)	Nisáb	Takdang Halaga na Ilalabas para sa Zakáh
Ginto	Kung umabot ng 85 gramo pataas	2.5 %
Pilak	Kung umabot ng 595 gramo pataas	2.5 %
Perang Papel	Ang <i>nisáb</i> nito ay tulad ng Ginto at Pilak	2.5 %

Pang-apat: *Ang Paninda sa Negosyo:*

Unang Uri (Uri ng Kayamanan)	Nisáb	Takdang Halaga na Ilalabas para sa Zakáh
Ang Paninda sa Negosyo	Ang <i>nisáb</i> nito ay tulad ng Ginto at Pilak	2.5 %

Walang zakáh sa mga kayamananang nabanggit kung hindi umabot sa nakatakdang panahon, **(1 Buong Taon)** pagkatapos mapasakanya ang kayamananang ito maliban sa mga sumusunod:

1- **Butil at Bunga** – sapagkat ang tamang panahon sa paglabas ng zakáh ay kung kailan anihin ang Butil at kung kailan mahinog at pitasin ang Bunga.

2- **Ang Kita sa Negosyong Paninda**, sapagkat inilalabas ang zakáh nito kasama ang puhunan kahit na hindi umabot ng isang taon kapag umabot na sa *nisáb*.

3- **Ang mga Hayop**, sapagkat inilalabas ang zakáh nito kahit na hindi inabutan ng isang taon kapag umabot na sa *nisáb*.

Mga Karapat-dapat Bigyan ng Zakáh:

Hindi dapat na ibigay ang zakáh maliban sa 8 uri ng tao, at sila ang mga sumusunod :

1- **Al-Fuqara**: Ang mga mahihirap na walang trabaho.

2- **Al-Masákin**: Ang mga mahihirap na may kinikita ngunit hindi ito sapat sa kanila.

3- **Al-'Amilina Alayha**: Ang mga gumagawa para dito at naglilikom, at nangangasiwa sa pamamahagi ng nito sa mga ulilang muslim.

4- **Al-Mu-allafati Qulubihim**: Ang mga sinasanay ang kanilang mga puso sa Islam, maaaring ito ay lalaking muslim na mahina ang kanyang pananampalataya, bibigyan siya ng zakáh upang mapalapit ang kanyang kalooban dito, o di kaya'y isang lalaki na *káfir* upang siya ay mahimuk sa Islam, o di kaya'y para maibsan ang kanyang pamiminsala.

5- **Ar-Riqáb**: Ito ay isang muslim na alipin na bibilhin ng zakáh upang siya ay mapalaya.

6- **Al-Ghárimin**: Sila ay ang mga lubog sa utang na nawalan na ng paraang makabayad sa kanilang utang,

silá ay bigyan ng zakáh upang mabayaran ang kanilang pagkaka-utang.

7- **Fi Sabilillah:** Ito ay ang mga nakikibaka sa landas ni Alláh, ito ay para sa paghahanda sa mga mandirigma at mga sandata at mga baon at iba pang pangangailangan sa pakikibaka sa landas ni Alláh.

8- **Ibnu As-Sabil:** Ito ay ang maglalakbay na kinapos ng panggastos, dapat itong bigyan ng zakáh kahit na siya ay mayaman sa kanyang lugar.

Zakát Al-Fitr

Ito ay ang kawang-gawa na ibinibigay ng isang muslim sa gabi ng *Eid Al-Fitr* o sa araw mismo ng *Eid* ngunit ito ay bago isagawa ang *Salátul Eid*, ito ay isang *Sa'a* ng pagkain at ayon sa pagkain ng isang Bansa, ito ay ibinibigay sa mga mahihirap at kapuspalad na nakatira sa kanilang bayan, ito ay bilang panlinis sa nag-ayuno at pagpapakain sa mga mahihirap. Ang katumbas ng isang *Sa'a* ay mahigit kumulang 3 kilo.

Ang Dhaka (Pagkatay) :

Ang ibig sabihin nito ay ang pagkatay ng hayop, sa pamamagitan ng pagputol ng lalamunan (*ang dinadaluyan ng hininga*) at pagputol ng malaking ugat sa liig, kasabay ang pagbikas sa pangngalan ni Alláh (*Bismillah*) sapagkat ang hayop na ipinapahintulot

kainin ay yaong kinatay sa pangngalan ni Alláh dahil sa kanyang sinabi. Sinabi ni Alláh ﷻ sa Banal na Qur'an:

﴿وَلَا تَأْكُلُوا مِمَّا يَذْكُرُ اسْمَ اللَّهِ عَلَيْهِ وَإِنَّهُ لَفِسْقٌ﴾ (الأنعام (١٢١))

"Huwaḡ ninyong kaiinin ang anumang hayop na hindi binanggit ang pangalan ni Allah sa pagkakatay rito, at tunay na iyon ay talagang kasuwailan." (6-121)

Ang Sugo ni Alláh ay nagsabi:

(ما أنهر الدم وذكر اسم الله عليه فكلوا)

"Anumang hayop na napadaloy ang dugo at nabanggit ang pangalan ni Alláh ay kainin ninyo"

Maliban sa Isda at Balang (*Tipaklong*) dahil hindi kundisyon ang pagkatay dito.

5- Ang Hajj :

Ito ay kasama sa mga haligi ng Islam, at obligado sa lahat ng muslim na lalaki at babae na nasa tamang edad at sapat na kaisipan, at ito ay obligado sa isang muslim isang beses lang sa tanang buhay, at sa sinumang makakakayang makarating doon.

Sinabi ni Alláh ﷻ sa Banal na Qur'an:

﴿وَلِلَّهِ عَلَى النَّاسِ حِجُّ الْبَيْتِ مَنِ اسْتَطَاعَ إِلَيْهِ سَبِيلًا﴾ (آل عمران (٩٧))

" *Kay Allah ay may tungkulin ang mga tao na magsagawa ng Hajj sa Bahay: sa sinumang makakakayang makarating doon.*"

Sinabi ni Propeta Muhammad:

(بني الإسلام على خمس: شهادة أن لا إله إلا الله وأن محمداً رسول الله، إقام الصلاة، إيتاء الزكاة وصوم

رمضان، وحج البيت من استطاع إليه سبيلاً) متفق عليه

Sinabi ng Sugo ni Alláh: (Naitayo ang Islam sa limang haligi: Ang pagsaksi na walang ibang na karapat-dapat sambahin kundi si Alláh lamang at si Propeta Muhammad ay Sugo ni Alláh, ang pagsasagawa ng pagdarasal (Saláh), ang pagbibigay ng Obligadong Kawanggawa (Zakáh), at pag-aayuno sa buwan ng ramadhan (Sawm), at ang (Hajj) paglalagbay sa Bahay (Ka'bah) ni Alláh sa Makkah.) Bukhari at Muslim

Ang Apat na Kundisyon sa Hajj:

- 1- Ang ***Ihrám***
- 2- Ang ***Tawáf***
- 3- Ang ***Sa'ey***

Ang pagtayo at pananatili sa ***Arafah***. Kapag hindi naisagawa ang isa sa mga kundisyon na ito walang bisa ang Hajj.

Ang kahulugan ng *Ihrám* :

Ang isagawa ang intensiyon sa pagpasok niya sa alin man sa mga uri ng Hajj kapag siya ay dadaan na sa nakatakdang himpilan (*Miqát*) at kanyang bibigkasin

ang (*labbayka hajjan*) sa pagkakataong ito dapat ng iwasan ng kalalakihan ang magsuot ng anumang damit na may tahi, at isuot lamang ang (*Rida at Izár*) damit na puti na pang-ibaba at pang-itaas, ang babae naman ay sapat na ang kanyang suot na damit.

Ang Kahulugan ng *Tawáf*:

Ito ay ang pag-ikot sa Ka'bah ng pitong beses na may layunin na ito ay pag-ikot para sa Hajj sa ikasampung araw ng *Dhul Hijjah* o hindi kaya sa loob ng tatlong araw pagkatapos ng *Eid* (11,12,13) sa buwan ng *Dhul Hijjah*, at tiyakin na malinis mula sa maliit na karumihan at malaking karumihan, at siguraduhin na natatakpan ang *awrah*, at kailangan na ang pag-ikot ay sunod-sunod at tuloy-tuloy, at magsimula sa tapat ng *Hajar Al-Aswad* (*Itim na Bato*) na ang Ka'bah ay nasa kaliwang bahagi.

Ang Kahulugan ng *Sa'ey*:

Ito ay ang paglakad sa pagitan ng bundok ng *Safa* at *Marwa* ng pitong beses na may layunin para sa Hajj, magsisimula sa *Safa* at magtatapos sa *Marwa*. Mula sa *Safa* papuntang *Marwa* ito ay isang bilang at mula ng *Marwa* pabalik ng *Safa* ay pangalawang bilang hanggang sa maka-buo ng pitong bilang.

Ang Kahulugan ng Pananatili sa *Arafah* :

Ito ay ang pagtungo sa lugar na tinatawag na *Arafah* na may layuning manatili dito, ang umpisa ng pananatili dito ay mula sa pagkalipas ng tanghaling tapat sa ika-siyam na araw sa buwan ng *Dhul Hijjah* hanggang sa pagsikat ng buhang liwayway sa ika-sampung araw, ang pananatiling katanggap-tanggap ay kahit manatili lamang ng kaunting oras dito. Ang oras *sunnah* ang pananatili dito ay mula sa pagkalipas ng tanghaling tapat sa ika-siyam na araw hanggang sa paglubog ng araw mula sa araw ding yaon.

Ang *Umrah* :

Maaring isagawa ito sa lahat ng panahon, ito ay ang pagsasagawa ng *Ihrám* sa takdang himpilan pagkatapos ay pagsasagawa ng *Tawáf* sa Ka'bah ng pitong beses at pagsasagawa ng *Sa'ey* sa pagitan ng bundok ng *Safa* at *Marwa* pagkatapos ay ang pagpapakalbo o di kaya ay pagpapaputol ng maiksi sa buhok.

Pamamaraan ng Hajj na *Tamattú* :

1- Ang isagawa ang intensiyon sa takdang himpilan (*Meeqat*) sa mga nakatakdang buwan ng Hajj (*Shawwal*, *Dhul Qi'dah*, at sa sampung araw ng *Dhul Hijjah*) at kanyang sasabihin ang (*Labbaykalláhumma Umratan Mutamatti-an Biha Ilal Hajj*).

- 2- Pagkatapos siya ay tutungo sa Bahay ni Alláh (*Ka'bah*) at isasagawa ang pag-ikot (*Tawáf*) ng pitong beses.
- 3- Pagkatapos ay tutungo siya sa *Safa* at *Marwah* at kanyang isasagawa ang *Sa'ey* ng pitong beses.
- 4- Pagkatapos ay magpapagupit siya ng maiksi sa kanyang buhok at maaari na niyang hubarin ang kanyang suot na *Ihrám* at magsuot na ng ordinaryong damit, siya ay nakapagsagawa na ng *Umrah* kayat ipinahihintulot na sa kanya ang lahat ng ipinagbabawal noong siya ay nasa kalagayan pa ng *Ihrám*.
5. Kapag sumapit na ang ika-walo ng *Dhul Hijjah* siya ay magsusuot muli ng *Ihrám* at kanyang bibigkasin ang (*Labaykalláhumma Hajjan*), at sa ika-siyam na araw siya ay tutungo sa Arafah at mananatili doon.
- 6- Paglubog ng araw sa ika-siyam ng *Dhul Hijjah* siya ay tutungo sa Muzdalifah.
- 7- Matulog sa **Muzdalifah**: (*Ang ibig-sabihin, ay ang pananatili sa Muzdalifah hanggang sa Fajr*), pagkatapos siya ay tutungo sa *Mina*.
- 8- Kapag dumating na sa *Mina*, siya ay pupukol ng pitong maliliit na bato sa *Jamrah Al-Aqabah* (*ang pinakamalaking Jamrah*) tanging ito lamang ang pupukulin.
- 9- Pagkatapos ay mag-pagupit ng buhok (*magpakalbo*), at para naman sa babae sapat na putulan ng kaunti ang dulo ng kanyang buhok, pagkatapos maaari na niyang hubarin ang kanyang *Ihrám*.

10- Pagkatapos ay magkatay siya ng kanyang alay na sakripisyong hayop, ipinahihintulot ang pagpapahuli ng pagkatay sa hayop hanggang sa mga huling araw ng *Tashriq* (yong tatlong araw mula sa Eid).

11- Pagkatapos ay magsagawa ng *Tawáf* at *Sa'ey* para Hajj.

12- Pagkatapos manatili sa *Mina* sa mga araw ng *Tashriq*.

13- Pagkatapos ay kanyang pupukuling pitong beses bawat isa ang 3 *Jamrah* (*Jamrah As-Sughra*, *Jamrah Al-Wusta*, at *Jamrah Al-Aqabah*) sa loob ng kanyang pananatili sa *Mina*, at ang pagpukol magsisimula lagi pagkalipas ng tanghaling tapat.

14- At bago niya lisanin ang *Makkah* ay magsagawa muna siya ng *Tawáf* ng pamamaalam (*Tawaf Al-Wada*) ng pitong beses.

* Samakatuwid ang pagsasagawa ng Hajj ay may tatlong uri: **Tamattu**, **Qirán**, **Ifrád**, alin man sa mga ito ang kanyang isagawa ay katanggap-tanggap, 1- **Tamattu**: ang pamamaraan nito ay nabanggit na sa itaas. 2- **Qirán**: ang pinagkaiba nito sa Tamattu ay ang Qirán may isang *Sa'ey* at *Tawáf* lamang, at mananatili ang nagsasagawa nito sa pag-suot ng kanyang *Ihrám* hanggang sa pagsapit ng araw ng *Eid* pagkatapos niyang pukulin ang *Jamrah Al-Aqabah*, at pagkatapos ay magpakalbo. 3- **Ifrád**: ang pinagkaiba nito sa Tamattu, ang **Ifrád** ay may isang *Sa'ey* at *Tawaf* lamang,

at mananatili ang nagsasagawa nito sa pag-suot ng kanyang *Ihrám* hanggang sa pagsapit ng araw ng *Eid* pagkatapos niyang pukulin ang *Jamarah Al-Aqabah*, at pagkatapos ay magpakalbo, at wala itong alay na isasakripisyong hayop.

Ang Mga *Wájib* sa Hajj:

1- Ang pagsasagawa ng *Ihrám* sa mga nakatakandang himpilan (*Miqát*): Kaya't kung sinuman ang magsagawa ng *Ihrám* pagkalagpas ng *Miqát* kanyang naiwan ang obligado.

2- Ang pananatili sa *Arafah* hanggang sa paglubog ng araw sa sinumang sinimulan niya ang kanyang pananatili dito ng maaga, ngunit sa sinumang dumating dito ng gabi maaari siyang manatili ng kahit saglit lamang.

3- Ang pananatili sa *Muzdalifah*: Sa gabi ng ika-sampu ng *Dhul Hijjah*, pagkatapos niyang lumabas mula sa *Arafah*.

4- Pagpukol sa *Jamarah Al-Aqabah*: ito ang pagpukol niya sa ika-sampu ng *Dhul Hijjah*, at pagpukol sa 3 *Jamarah* (*Jamrah Al-Sughra*, *Jamarah Al-Wusta*, *Jamrah Al-Aqabah*) sa mga araw ng *Tashriq* na magsisimula sa pagkatapos ng tanghaling tapat.

5- Ang pagpapakalbo o pagpapagupit ng maiksi sa buhok: Pagkatapos ng pagpukol ng *Jamrah Al-Aqabah* sa ika-sampung araw.

6- Ang pananatili sa *Mina* sa mga araw ng *Tashriq*: ito ang ika- 11, 12, 13 ng *Dhul Hijjah*, o hindi kaya ay dalawang gabi sa ika-labing isa at ika-labing dalawa sa sinumang nagmamadali.

7- Ang *Tawáf Al-Wada*: ito ay ang pag-ikot sa Ka'bah ng pitong beses bago lisanin ang Makkah.

Puna ·

Ang sinumang kanyang maiwan ang alinman sa mga obligadong nabanggit ay nararapat sa kanya ang pagsakripisyo ng hayop sa loob ng nasasakupan ng *Al-Harám*, at ipamamahagi sa mga mahihirap dito.

Ang mga Ipinagbabawal Kapag nasa Kalagayan ng *Ihrám* (*Mahdhurat Al-Ihrám*):

Sa nasa kalagayan na ng *Ihrám* nararapat kanya na iwasan ang mga umusunod, ito man ay sa *Hajj* o *Umrah*.

1- Ang pagsuot ng anumang damit na tinahi para sa katawan sa mga lalake ngunit sa

mga babaë ay sapat na kung anuman ang kanilang suot na damit.

2- Ang pagtakip sa ulo para sa mga lalake.

3- Ang paggamit ng pabango sa oras na siya ang nakapagsagawa na ng *Ihrám*.

4- Ang pag-putol o pagbunot ng buhok sa alin mang parte ng katawan.

5- Pag-putol ng kuko.

- 6- Mga panimulang kadahilanan para humantong sa pakikipagtalik gaya ng pag-halik at iba pa.
- 7- Pagpatay ng Hayop.
- 8- Ang pagpapakasal o pakikipagkasundo para sa kasal.
- 9- Ang pakikipagtalik.

Puna :

Ang kababaihan ay hindi maaring magsuot ng *Niqáb* o Guwantes.

PANGATLO: ANG PAKIKITUNGO

A- Ito ang ilan sa mga halimbawa ng pakikipagkalakalan na ipinagbabawal:

* Ang ibenta ang panindang hindi pa niya hawak: kaya hindi maaring bumili ang isang muslim ng paninda pagkatapos ito ay kanyang ipagbibiling muli nang hindi pa niya nakukuha ang paninda mula sa pinag-bilhan niya.

* Hindi maaari sa isang muslim na kapag bumili ang kanyang kapatid na muslim ng paninda, kanyang sasabihin isauli mo ang iyong binili at ipagbibili ko sayo yan ng mas mababang halaga, o kanyang sasabihin sa nagbebenta na sirain mo ang inyong bentahan at bibilhin ko yan sa iyo sa mas mataas na presyo.

* Hindi maaari sa isang muslim na magbenta o magpaupa ng isang bagay na ipinagbabawal o madumi at ang mga bagay na nagbibigay tulong tungo sa pagpapairal ng ipinagbabawal, kaya't hindi maaaring magbenta ng alak o baboy ni ubas sa sinumang gagawin itong alak at iba pang tulad nito.

* Hindi maaaring magbenta ng may panlilinlang (*panlilinlang sa kapatid mong muslim*) kaya't hindi maaaring ibenta ang isdang nasa tubig pa, o ibong nasa himpapawid pa, at hindi rin maaring ibenta ang hayop na nasa loob pa ng tiyan, at gayun din ang pagbenta ng gatas na nasa loob pa ng dibdib.

* Hindi rin maaari sa isang muslim na ibenta ang isang bagay na wala sa kanya, kaya't hindi niya ibebenta ang bagay na hindi pa lubusang napasakanya, sa dahilang maraming problema ang maaaring mangyari dito.

* Hindi maaaring magbenta ang utang sa utang... *Halimbawa:* Ikaw ay mayroong tupa sa isang lalake na ibibigay sa takdang panahon, nang sumapit ang takdang panahon hindi niya kayang ibigay sa iyo kaya't sasabihin niya sa iyo, ibenta mo nalang sakín ang iyong tupa ng (300)S.R. at ang halaga nito ay ibibigay niya rin sayo sa takdang panahon. Ito ay pagbenta ng utang sa utang at ito ay hindi ipinahihintulot.

* Hindi maaari sa isang muslim na kanyang ibenta ang isang bagay sa ibang tao ng hulugan pagkatapos ay kanya itong babawiin mula sa bumili sa pamamagitan ng pagbili sa mababang halaga lamang.

* Hindi maaaring gawin ng isang muslim ang pandaraya sa paninda, sa anumang uri ng pamamaraan.

* Ang pagpapatubo ay ipinagbabawal sa anumang uri ng pamamaraan, kagaya ng tubo mula sa banko, at ganoon din ang pagsali sa patubuan sa nabanggit na sangay.

* At ang insurance sa mga negosyo na nag-uugnay sa pandaraya ay ipinag-babawal, katulad ng insurance ng mga sasakyan, mga tindahan, o insurance para sa buhay.

* Hindi maaari sa isang muslim na magbenta o bumili kapag nagsagawa na ng pinaka- huling *Adhán* para sa dasal sa *Jum'ah*.

* At sa palitan ng pera sa pera, katulad halimbawa ng palitan sa pera, kinakailangan ang pag-hawak ng bawat isa sa kanilang palitan, ng hindi pa sila mag-kahiwalay, kamay sa kamay ang kanilang palitan, kapag nagkahiwalay sila na hindi nila natanggap ito ng kamay sa kamay ay mawawalan ng bisa ang kanilang palitan.

B- Ang Nikáh (Pag-aasawa):

Ito ay obligado ng Islam sa sinumang may kakayahan sa gastusin para dito at natatakot sa sarili na masadlak sa ipinagbabawal, kung hindi naman ito ay kaaya-aya lamang at ito ay mga gawain ng mga propeta at matutuwid na tao.

Ang Apat na Haligi Upang Makamit Ang Tamang Kasal:

1- Ang Wali: Ito ay ang tatay ng babae o pinagkatiwalaan o pinakamalapit na kamag-anak mula sa kanyang tagapagmana.

2- Ang dalawang saksi: Ito ay dadalo sa araw ng kasal, sila ay sasaksi, ang saksing ito ay nag-mumula sa mga kalalakihan na muslim at mga matutuwid.

3- Pamamaraan ng Pagbigkas sa Pagkasal: Ito ay kagaya ng nakasanayan ng mga tao na tinatawag na kagustuhan at pagtanggap para magkaroon ng ugnayan ang pag-iitan ng mga kamag-anak ng lalaki at babae, kagaya ng bibigkasin ng Wali ng babae (*Ikinakasal ko sa iyo ang aking anak na si....*) At sasabihin din ng lalaki na (*tinatanggap ko si....*)

4- Ang Dori: Ito ay ang bagay na ibibigay sa babae bilang regalo mula sa kanyang magiging asawa. Si Alláh(ﷻ) ay nag-wika sa banal na Qur'an:

﴿وَأَتُوا النِّسَاءَ صَدَقَاتِهِنَّ مِنْ خِلَّةٍ﴾ النساء (٤)

"Ibigay ninyo sa mga babae ang mga bigay-kaya ukol sa kanila bilang handog. Kung magmagandang-loob sila sa inyo ng anumang bagay mula roon ay tanggapin ninyo nang nalulugod at nasisiyahan". (4-4)

Ang Dori ay karapatan ng babae na hindi maaring pakialaman ng sinuman.

- Hindi maaring pilitin ang babae sa pag-aasawa kung hindi niya ito nagugustuhan, nararapat ang pagpaalam sa kanya at ang kanyang pahintulot.
- Hindi nararapat sa isang lalaki na mamanhikan sa isang babaeng napamanhikan na ng kanyang kapatid niyang muslim, maliban lang kung ito ay hindi na matutuloy sa kanyang ninanais.
- Hindi maaring magsama ang lalaki sa kanyang napamanhikanan na babae ng dalawala lang sila, ganon din ang kanilang paglabas na wala silang kasama hanggang hindi pa sila nakakasal.
- Hindi maaaring pamanhikanan ang isang babae na pumanaw ang kanyang asawa hanggang hindi natatapos ang mga takdang buwan na iniukol ng Islam para sa kanya, at ganon din ang isang babaeng hiwalay sa kanyang asawa hanggang hindi matapos ang kanilang kasunduan.

Haba ng *Iddah*:

- Ang panahon ng kasunduan ng namatayan ng asawa ay apat na buwan at sampung araw.
- Ang panahon ng kasunduan ng pag-hiwalay ng mag-asawa, sa pag-lipas ng tatlong buwanang dalaw ng isang babae, at kung ito naman ay hindi dinadatnan ng kanyang buwanang dalaw ay ibabase sa tatlong buwan.
- Hindi nararapat sa isang muslim na lalake ang mag-asawa ng higit sa apat.

- Nararapat sa lalake na tustusan ang kanyang asawa at mga anak.
- At hindi maaari kalian man sa isang muslim na babae na ikasal sa isang hindi muslim lalake.
- At ipinahihintulot sa isang lalakeng muslim ang pag-asawa sa mga babaeng mula sa Ahlul Kitab (*Hudyo at Kristiyano*) at ang pinakamainam ay ang pag-aasawa ng babaeng muslim.

Ang Talaq (Diborsiyo):

Para sa lalaking may asawa, kung hindi na makayanang ipagpatuloy ang kanilang pagsasama at hindi na niya magawang mamuhay ng maayos kasama ng kanyang asawa ay maaari niya itong hiwalayan sa pagsabi niya sa kanyang asawa ng ikaw ay hinihiwalayan ko na.

At para sa lalaki ay maaari niyang isagawa ang diborsiyo ng tatlong beses, kaya't kung isinagawa niya ang diborsiyo ng unang beses sa kanyang asawa at pagkatapos ito ay kanyang binalikan, mayroon pa siyang pangalawa at pangatlong pagkakataong idiborsiyo ang kanyang asawa. Ngunit kapag naisagawa niya na ang diborsiyo ng pangatlong beses ay hindi na niya maaaring balikan ito hanggat hindi makapag-asawa ng ibang lalaki at hiwalayan siya pagkatapos ng pagtatalik.

At para naman sa babae, maaari din siyang humingi ng diborsiyo sa kanyang asawa kung hindi na makayanang

ipagpatuloy pa ang pamumuhay kasama nito at may legal na dahilan.

Ang ipinagbabawal mula sa mga kababaihan:

(Ang ibig sabihin ay ang hindi maaaring pangasawahin mula sa mga kababaihan).

1- Ang ipinagbabawal dahil sa dugo ay pito: Ang ina, ang kapatid na babae, ang anak na babae, ang anak na babae ng kapatid na babae, ang anak na babae ng kapatid na lalake, ang kapatid ng ama na babae, ang kapatid ng ina na babae.

2- Ang ipinagbabawal dahil sa **kadha'ah** (*kapag nagpasuso ang isang babae ng sanggol na lalake o babae ng limang beses na pagpapasuso o higit pa, ang sanggol ay naging parang anak niya na ipinagbabawal sa kanya gaya ng pagbabawal sa dahilan sa dugo*) ay pitong uri din: ang ina sa pamamagitan ng pag-suso, ang kapatid na babae sa pamamagitan ng pag-suso, ang anak na babae ng kapatid na babae sa pamamagitan ng pag-suso, ang ang kapatid ng ina sa pamamagitan ng pag-suso, ang anak na babae ng kapatid na lalake sa pamamagitan ng pag-suso, ang kapatid ng ama na babae sa pamamagitan ng pagsuso, ang kapatid ng ina na babae sa pamamagitan ng pagsuso.

3- Ang ipinagbabawal sa pamamagitan ng pangangalaga. Ito ay apat na uri, ang anak ng asawa na babae mula sa ibang lalake, ang anak ng kanyang anak (*apo*) ang anak ng kanilang anak pababa, ang naging asawa ng tatay, ang asawa ng anak na lalake, at anak ng anak na lalake, at anak ng anak na babae pababa,

ang nanay ng asawang babae, at ang nanay ng nanay niya, at ang nanay ng kanyang ama pataas.

* At ipinagbabawal asawahing magkasabay ang magkapatid na babae, at babae kasabay ang kanyang tiyahin sa ama, at ang babae kasama ang kanyang tiyahin sa ina.

* At ipinagbabawal na asawahin ang babaeng inasawa ay biyuda at may anak na babae, dalaga man o hiwalay ay hindi maari sa asawang lalake na kung yumao na ang kanyang asawa ay kanyang asawahin ang kanyang anak mula sa ibang lalake.

Ang mga pagkain:

Ang orihinal na hatol hinggil sa lahat ng pagkain at inumin ay *halal* (pinahihintulutan), maliban sa mga may naitala sa batas ng Islam, na ito ay ipinagbabawal kainin o inumin, at kabilang sa mga ipinagbabawal ay ang mga sumusunod:

- 1- Ang mga nakalalasing (*alak atbp.*) at droga.
- 2- Ang mga madudumi.
- 3- Ang pagkain ng laman ng baboy.
- 4- Ang pagkain ng asno na inaalagaan at mola.
- 5- Ang lahat hayop na may pangil na ginagamit pansiba at lahat ng ibon na may kuku na ginagamit pansila.
- 6- Ang pagkain ng patay (hayop o ibon atbp...na may buhay na kailangan katayin sa pamamaraang islamiko)

IKAAPAT: Ang Ilan sa Mga Ipinagbabawal sa Batas ng Islam:

- 1- Ang *Zina* (pangangalunya).
- 2- Ang *Liwat* (pakikipagtalik ng lalake sa lalake at babae sa babae).
- 3- Ang pamiminsala sa iba ng walang katarungan o ang pagdudulot ng kapinsalaan sa isa man sa mga muslim.
- 4- Ang pagkitil ng buhay na ipinagbawal ni Alláh ng walang sapat na dahilan (kitlin man niya ang kanyang sariling buhay o ang buhay ng iba).
- 5- Ang *Tabarruj* (ang paglaladlad ng kagandahan ng babae at kabilang sa dakilang kagandahang ito ay ang mukha)
- 6- Ang *Qadf* pang-aakusa ng kasamaan: (pagbibintang sa mga mararangal na babae ng kalaswaan).
- 7- Paglapastangan sa mga magulang.
- 8- Ang *Riba* (ang pagpapatubo).
- 9- Ang pagsusuot ng ginto at sutla (*silk*) para sa mga kalalakihan.
- 10- Ang pagkain at pag-inom sa mga sisidlan (*pinggan o baso atbp.*) na yari sa ginto at pilak.
- 11- Ang pagsusugal.
- 12- Ang pagtataksil.
- 13- Ang pagsisinungaling.
- 14- Ang pagnanakaw at panunuhol.
- 15- Ang pagputol ng ugnayan sa mga kamag-anak.